MULA SA UNANG PANGULUHAN



Ni Pangulong Russell M. Nelson

# Paano Kayo Magiging Isang Missionary



Sinabi ng Panginoon sa Kanyang mga disipulo na "humayo . . . sa buong sanlibutan, at . . . ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng nilikha" (Marcos 16:15). Lahat ay nararapat bigyan ng pagkakataong malaman kung saan nila matatagpuan ang pag-asa at kapayapaan ni Jesucristo. Mayroon tayong sagradong responsibilidad na ibahagi ang kapayaaan ni Jesucristo sa lahat ng makikinig.

Matutulungan ninyo ang iba na mahanap ang kapayapaan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng:



Pagiging mabuting halimbawa.



Pagsunod kay Jesucristo upang ang Kanyang liwanag ay magningning sa inyong mga mata.



Pagkakaroon ng mas maraming kaibigan.



Pag-anyaya sa isang kaibigan na basahin ang Aklat ni Mormon.



Pag-anyaya sa isang kaibigan na sumama sa inyo sa isang miting o aktibidad sa Simbahan.

Maaari rin kayong magpasiyang magmisyon kapag mas matanda na kayo. Pagpapalain kayo nito at ang marami pang iba.

*Hango sa "Pangangaral ng Ebanghelyo ng Kapayapaan,"* Liahona, *Mayo 2022, 6–7; at "Maging Uliran ng mga Nagsisisampalataya,"* Liahona, *Nob. 2010, 47–49.*

MGA LARAWANG-GUHIT NI GARTH BRUNER

## Isang Grupo ng mga Kaibigan

Sa larawan sa ibaba, tingnan kung gaano karaming kaibigan na nasa isang aktibidad sa Primary ang may:

- Itim na buhok
- Dilaw na kamiseta
- Nakatirintas na buhok
- Salamin sa mata
- Isang berdeng backpack
- Mga pulang sapatos
- Wheelchair
- Bola ng soccer

